

Taon XXXVIII Blg. 5 Marso 7, 2007 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Puspusang labanan ang mga pasistang opensiba ng rehimeng Arroyo

ilit na itinatago ni Arroyo at ng kanyang mga kriminal na alipures ang kanilang duguang kamay sa harap ng malawakang pagkundena sa loob at labas ng bansa sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang at pagdukot sa mga aktibista at iba pang kumakalaban sa

kanyang rehimen. Samantala, habang itinatangqi nq militar na sila anq nasa likod ng pamamaslang, patuloy naman nilang binibigyang-katwiran ang mga atake sa mga progresibong pwersa sa paulit-ulit na pagsabing sila'y mga "komunista" at "kaaway ng estado."

Higit pa ngayong pinapaspasan ang pasistang panunupil at paglalatag ng pasistang makinarya ng estado. Nais ni Arroyo na lahatangpanig na gapiin ang mga demokratiko at progresibong pwersa, supilin ang mga pagtutol at lipulin ang lahat ng humahamon sa kanyang kapangyarihan.

Mula pa nang maluklok sa po-

der ang bogus, bulok at mapaniil na rehimen, inilarga na nito ang "todo-todong gera" laban sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa. Inilunsad nito noong 2001 ang Oplan Bantay Laya (OBL), isang planong "counter-insurgency"

na kinatatampukan ng pagtugis at pagpatay sa mga lider at myembro ng ligal na demokratikong kilusan at mga pinagsususpetsahang sumusuporta sa rebolusyon. Sa harap ng patuloy pa ring paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at pagtutol sa rehimen, lalo nitong pinaba-

> ngis ang bagong bersyon ng OBL at pinaigting ang kampanya ng pampulitikang pamamaslang.

Kinastigo ng Alston Mission and rehimend Arroyo sa paqbabansaq nitong "kaaway ng estado" ang mga ligal na progresibong pwersa, at ini-

iyon sa nagaganap na pamamaslang mga aktibista. Sa kabila nito, patuloy si Arroyo at kanyang mga upisyal sa gayong pagbabansag.

ugnav

Ang mga armadong tauhan ng AFP at PNP ay ipinaiilalim sa pang-ideolohiya at pampulitikang indoktrinasyong isinasagawa ng mga punong pasista at gurong kleriko-pasista ng Malakanyang at AFP.

Mga tampok sa isyung ito... AFP ang nasa likod ng pamamaslang— Melo, Alston Pahina 5

Mga tagumpay ng kilusang kababaihan PAHINA 8 Ilitaw at palayain si Leo Velasco

PAHINA 10

Idinidikdik sa utak ng mga sundalo at pulis na walang pagkakaiba ang mga armadong rebolusyonaryo at mga di armadong aktibista, at kung gayo'y kapwa sila target ng kanilang mga armadong bira. Masahol pa, dahil di magapi ng mga sandatahang pwersa ng estado ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa, ang pangunahing target ng kanilang pamamaslang at pasistang atake ay ang mga pinagsususpetsahang sumusuporta sa armadong pakikibaka at ang mga kumikilos sa larangang ligal at parlamentaryo.

Kaugnay at kaalinsabay nito, pinapaspasan ng rehimeng Arroyo ang iba't ibang "ligal na opensiba" upang tahasang siraan, intrigahin at takutin ang mga hayag at ligal na progresibong partido at organisasyon at pagkaitan sila ng puwang at layang epektibong makalahok sa ligal at parlamentaryong larangan ng pakikibaka. Kaugnay nito ang walang tigil na paglalatag ng mga pasistang batas at pagpapasahol ng mga mapanupil na paraan ng paghahari.

Sa kanilang "ligal na opensiba," pilit na iniuugnay ng pasistang rehimeng Arroyo at ng AFP ang mga progresibong pwersa sa rebolusyonaryong armadong kilusan upang bigyang-katwiran at ilatag ang mga kundisyon para sila ay gawing target ng pasistang pangaatake, panunupil at pamumuksa.

Kabilang din sa mga "ligal na opensiba" ang "calibrated preemptive response," ang patakarang no permit, no rally, ang muling pagbubuhay sa Batas Pambansa 880 ng pasistang diktadurang Marcos, ang EO 464 at ipinalit ditong Memorandum Circular 108, ang National ID System, ang mala-batas militar na Presidential Proclamation 1017 at kasabay nitong mga General Order. Ninais din sana ni Arroyo na magpataw ng batas militar noong Pebrero 2006 subalit iniatras niya ito dahil sa kawalan ng sapat na suporta.

Naipasa at napirmahan na nitong Marso 6 ang "batas kontra-terorismo" na pormal nang nagbibigay ng ligal na basbas sa iba't ibang paraan ng pagyurak sa karapatang-tao at karapatang sibil. Sa katunayan, halos kapangyarihang batas militar na ang nilalaman nito.

Tanging ang pagbabago sa konstitusyon ("chacha") na lamang ang kailangan ni Arroyo para ganap na iinstitusyunalisa ang mga patakarang pasista at maka-imperyalista. Asahang iraratsada ito ni Arroyo pagkatapos ng eleksyon sa Mayo.

Ngayong nalalapit ang eleksyon, paspasang pinatitindi ng Malakanyang ang "ligal na opensiba" sa mga progresibong partido. Tuluy-tuloy na pinag-iinitan ang mga ito ni National Security Adviser Norberto Gonzales, pinararatangang mga "prente ng mga komunista" at walang sawang qiniqipit.

Bukod sa armadong rebolusyonaryong kilusan, itinuturing ng rehimeng Arroyo na isa sa pinakamalalaking sagka sa patuloy na paghahari nito ang mga progresibong partidong tulad ng Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela Women's Party. Di natitinag ang mga ito sa pangunguna sa mga eleksyon para sa party-list sa Kongreso at nagsisilbi silang matatag at epektibong haligi ng mga anti-Arroyong pwersa di lamang sa Kongreso kundi maging sa parlamento ng lansangan.

Ang pag-iibayo at paglawak ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, "ligal na opensiba" at iba pang pasistang pang-aatake ng rehimen at mga galamay nito ay hindi palatandaan ng tunay na lakas. Katunayan, pawang palatandaan ang mga ito ng pagkakasukol at desperasyon ng naghaharing rehimen sa harap ng napakalakas at napakalawak na galit at paglaban ng mamamayan.

Kailangang puspusan at walang tigil na labanan ng rebolusyonaryong kilusan, ng mga patriyotiko at demokratikong partido at organisasyon at ng buong sambayanan ang mga pasistang opensiba ng naghaharing rehimen. Kailangang pursigidong labanan ang rehimen hanggang sa tuluyang maibagsak at maparusahan si Arroyo at ang pangunahin niyang mga kasabwat at tagapagpatupad ng mga pasista at teroristang krimen.

## ANG BAYAN

Taon XXXVIII Blg. 5 Marso 7, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

### Nilalaman

<b>Editoryal:</b> Puspusang labanan ang	
pasistang opensiba ni Arroyo	1
Malakanyang, AFP, determinadong sipa	in
ang mga progresibong partido	3
AFP ang nasa likod	
ng pamamaslang	5
Sagot ng Bayan sa Melo Commission	7
Tagumpay ng kababaihan	8
Pananalanta ng pasistang estado	
Kadre ng Partido sa Leyte, pinaslang	9
Ilitaw at palayain si Leo Velasco	10
Ka Bel, nakakulong pa rin	11
Mangingisda, biktima ng pulis	11
Ordinaryong Moro, biktima ng AFP	11
Matatagumpay na opensiba ng BHB	12
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Malakanyang, AFP, determinadong sipain ang mga progresibong partido sa Kongreso

IBOTO

AKBAYAN

TUCP

inagamit ng rehimeng US-Arroyo ang lahat ng ligal at ekstraligal na paraan upang mahadlangan ang muling pagtatagumpay ng mga progresibong partido sa darating na eleksyon at tuluyang maisara sa kanila ang makipot nang larangan ng pakikibakang ligal at parlamentaryo.

Labis na nangangamba ang rehimen na lalo pang lalawak ang naabot na suporta ng mga progresibong partido at darami ang kinatawan nila sa Kongreso. Sukdulan ang takot ni Arroyo na magiging ibayong epektibong pwersa ang mga ito sa pakikipaglaban ng mamamayan at sa kilusan para patalsikin siya sa poder.

Mahigpit at malawakan ang koordinasyon sa lahat ng antas ng AFP at PNP upang tiyakin ang pagpapatupad ng mga plano ng rehimeng US-Arroyo laban sa mga progresibong partido. Hindi na ito bago, kung tutuusin. Ngunit ngayon, garapalan nitong ginagamit ang lahat ng yunit ng AFP at PNP. Ipinatutupad nito ngayon ang planong nilalaman ng mga dokumentong "Special SOT Project: Counter Party-list at the Barangay Council (12 months implementation)" at "CPP-NPA-NDF Party list Operations for 2004 Elections."

#### AFP kontra Bayan Muna atbp.

Puspusan ngayon ang panggigipit ng militar sa mga progresibong partido tulad ng Bayan Muna, Anakpawis, Gabriela Women's Party at Kabataan Party.

Nakakonsentra ang mga operasyon ng AFP sa 305 lunsod at sentrong bayan. Kabilang sa kanilang operasyon ang pag-aresto sa mga lider at organisador ng mga progresibong partido na pinalalabas nilang mga "kadre ng PKP." Pinagba-

bawalan nila
ang mga tao
na sumama sa
mga rali at
protesta na
inilulunsad
ng mga
progresibong grupo.
Bukod sa
mga ito,
naglulun-

sad ang AFP ng samutsaring operasyon upang hadlangan ang nangangampanya ng mga progresibong partido at kandidato, kabilang ang pananakot sa mamamayan, panggigipit sa mga nagkakampanya at pagpapatuloy ng kampanya ng pamamaslang.

Taliwas sa umano'y pagiging nyutral ng militar sa eleksyon, tahasang isinasaad sa mga dokumento na aktibong palalahukin ang mga pwersa ng AFP sa "larangan ng labanang pampulitika" (political warfare arena)" laban sa binabansagan nilang mga "kakampi ng PKP at BHB."

Nagsasagawa rin ng "counter-organizing" o pagbubuo ng mga huwad na grupong ipantatapat sa mga progresibong partido. Sisikapin nilang guluhin ang isip ng mamamayan kaugnay ng mga isyung dala ng mga demokratikong organisasyon gamit ang mga kontra-rebolusyonaryo at anti-komunistang partido at grupo. Tahasang sinabi sa mga dokumento ng AFP na dapat ikampa-

nya ng mga pwersang militar ang mga "kaibigang" partidong tulad ng Akbayan, ABA-AKO, COOP-NATCO, Akapin, TUCP at iba pa. Bukod sa mga ito, ikinakampanya rin ng AFP ang mga masugid na pasista at antikomunistang ANAD at AKSA.

han ng AFP upang mangampanya at dagsang bumoto para sa kanilang mga piniling partido at kandidato. Maramihang pi-

Gagamitin din ang mga tau-

narehistro ang mga sundalo sa mga presinto sa mga baryong saklaw nila sa kanayunan at kalunsuran kung saan malakas ang mga progresibong partido.

### Militarisasyon sa mga balwarte ng mga kalaban sa pulitika

Mula Nobyembre 2006, mahigit 250 sundalo na ang ipinakat ng AFP sa 27 barangay ng mga manggagawa at maralita sa National Capital Region (NCR) kung saan ipinagpapalagay na malakas ang mga progresibong partido. Ang mga pwersa ng AFP na kabilang sa mga sinanay sa Civil-Military Operations ay pinamumunuan ni Lt. Col. Ricardo Visaya.

Ayon kay Maj. Gen. Benjamin Dolorfino, pinuno ng AFP NCR Command, ipinakat nila ang mga yunit militar doon upang labanan ang mga progresibong partido at organisasyon, pati na ang mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao. Tahasang pasista ang idineklarang layunin ng AFP na supilin ang mga nagpapalaganap sa mga komunidad ng "kultura ng rebelyon, paglaban sa gubyerno at parlamento ng lansangan."

Sa Metro Manila, nakapakat na ang mga yunit militar sa mga barangay ng Parola, Isla Puting Bato at Del Pan sa Tondo at sa mga barangay ng Sta. Mesa sa Maynila; sa mga barangay ng Commonwealth, Payatas at Bagong Silang sa Quezon City; gayundin sa maraming barangay sa Caloocan City. May mga ulat na rin na pumwesto ang mga yunit militar sa mga komunidad ng maralitang lunsod sa Cebu, Davao at iba pang mga pangunahing syudad.

Kasabay ng paggala ng militar, lumalaganap din sa mga lugar na ito ang pananakot sa mamamayan. Dumarami na rin ang mga kaso ng iligal na pang-aaresto at detensyon at iba pang paglabag sa karapatang-tao. Tampok ang kaso ni Alberto Corbes, isang kasapi ng Bayan Muna (BM) na hinarang ng mga sundalo noong Pebrero 26 sa Payatas at binantaang papatayin kung patuloy niyang ikakampanya ang BM. Makalipas and tatlong araw, winasak ng di nakilalang mga lalaki ang pinto ng kanyang bahay at pinagbabato siya.

Nagsasagawa ng mga tsekpoynt sa Payatas at nagbabahaybahay ang mga tim ng sundalo sa mga tahanan ng mga kasapi ng Kabataan Party. Tatlong kabataan na ang ipinatawag at inimbestiga sa detatsment ng militar hinggil sa kanilang mga aktibidad sa purok.

Sa mga barangay sa Negros, patuloy na hinaharas ng mga pwersang militar at bandidong RPA-ABB ang mga lider at myembro ng BM, Anakpawis, Gabriela Women's Party at Kabataan Party.

Ganitong-ganito rin ang ginagawa ng mga pwersa ng militar sa libu-libong barangay sa kanayunan, laluna kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan at ang mga progresibong partido at organisasyon.

#### Taktikang diskwalipikasyon

Nakasaad rin sa nabanggit na mga dokumento ng AFP bilang

## Kontra Daya, babantayan ang eleksyon

BINUO nitong Pebrero 23 ang Kontra Daya, isang grupong nagdeklarang magbabantay laban sa pandaraya sa eleksyon ngayong Mayo. Nanguna sa pagbubuo ng Kontra Daya si dating Vice President Teofisto Guingona. Kinabibilangan din ito ng mga kinatawan ng Ecumenical Bishops Forum, Computer Professionals Union, Concerned Artists of the Philippines, TxtPower, Doctors and Nurses for Clean and Credible Elections, Sinag, Bayan, UP Academic Employees Union, Agham at Alliance of Concerned Teachers.

Ayon sa Kontra Daya, may kakayahan ang rehimeng Arroyo na gumawa ng malawakang pandaraya sa Mayo dahil may hawak itong rekurso, at may kasaysayan ito ng pandaraya at malakas na motibo para rito. Magbabantay ang Kontra Daya laban sa paggamit ng pondo at rekurso ng gubyerno, ng pondong galing sa sugal at mga iligal na aktibidad at sa paggamit sa AFP at pulisya para pakialaman ang eleksyon.

## AFP, Arroyo nasa likod ng pagkandidato ni Palparan

MASUGID na sinuportahan nina AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes Esperon at Presidential Legal Counsel Sergio Apostol ang deklarasyon ni dating Maj. Gen. Jovito Palparan na tumakbo sa darating na eleksyon. Sinabi ni Esperon na sana nga ay manalo si Palparan bilang kandidato sa sistemang party-list, at momobilisahin niya ang mga sundalo para protektahan ang mga boto ng berdugo ni Arroyo. Binatikos naman ni Apostol ang mga tumututol sa pagtakbo ni Palparan dahil "kwalipikado si Palparan" at walang pagbabawal sa kanyang tumakbo.

Si Palparan ay posibleng tumakbo bilang nominado ng anti-komunistang ANAD. Samantala, inianunsyo rin ng isa pang pasista, si National Security Adviser Norberto Gonzales na kakandidato siya sa pagkakongresista ng ikalawang distrito ng Bataan.

isang mayor na porma ng panggigipit ang pagsasampa ng mga kaso ng diskwalipikasyon laban sa mga progresibong partido.

Dalawang magkahiwalay na kaso para sa diskwalipikasyon ang naisampa na sa COMELEC laban sa BM, Anakpawis at Gabriela Women's Party. Dalawang nakatalukbong na bayarang testigo mula sa Nueva Ecija ang ginamit ng AFP para ituro sina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at Teddy Casiño, Anakpawis Rep. Rafael Mariano at Gabriela Women's Party Rep. Liza Maza bilang umano'y utak sa pagpaslang sa kanilang mga asawa.

Pakana ito ng Inter-Agency Legal Action Group na pinamumunuan ni National Security Adviser Norberto Gonzales at Justice Secretary Raul Gonzalez para matali sa ganitong mga asunto ang naturang mga partido at hindi sila epektibong makapangampanya .

Inatasan din ni Arroyo ang bagong hirang niyang Presidential Legal Adviser na si Sergio Apostol na makipagsabwatan sa AFP sa pagsasampa sa COMELEC ng marami pang kaso laban sa mga progresibong partido upang matanggal ang akreditasyon ng BM, Anakpawis at Gabriela Women's Party.

Ang AFP ang nasa likod ng serye ng ekstrahudisyal na pamamaslang

Partido Komunista ng Pilipinas Pebrero 28, 2007

inibigyang-pansin ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga positibong punto sa ulat ng Melo Commission at sa mga panimulang resulta ng pagsisiyasat ng Alston Mission sa serve ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa.

Ang dalawang magkahiwalay na ulat ay magkaiba sa lalim ng imbestigasyon, talas ng pagsusuri at antas ng mga kongklusyon, ngunit nagkakaisa sa pagpapatunay na naqaqanap ang pambihirang serye ng pampulitikang ekstrahudisyal na pamamaslang na tumatarget sa mga aktibista at kasapi ng mga progresibo at demokratikong organisasyon at sa kongklusyong ang mga pagpatay ay kagagawan pangunahin ng mga elemento ng armadong pwersa ng estado. Sa kabila ito ng mga limitasyong kapwa kinaharap ng dalawang imbestigasyon—lalo na sa paniq ng Melo Commission.

Pareho ang kongklusyon ng dalawang ulat na ang mga pagpatay ay itinanim na sa pag-iisip ng militar. Pinatunayan ng ulat ng Melo Commission na "halos lahat ng mga biktima ay kasapi ng mga grupong aktibista o di kaya'y kagawad ng midya (na pinatay) alinsunod sa isang planong ikinumpas ng isang grupo o sektor na may hangaring puksain ang mga biktima." Pinansin nito and pagturing ng militar sa mga ligal na pwersang maka-Kaliwa bilang mga "kaaway ng estado" na dapat "nyutralisahin."

Ang Alston report naman ay mas malalimang sumuri sa mga pambansang patakaran na sa saliqa'y naqpapahintulot sa mga pagpatay, kabilang ang programang

syon" na tumatarget sa mga hinihinalang baseng

masa at mga ligal na istruktu-

rang maka-Kaliwa at kinapapalooban ng kampanya ng militar para siraan at takutin ang mga progresibong organisasyon. Ani Alston, ang lahat ng ito ay sama-samang humahantong sa ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga maka-Kaliwang lider, kasapi at tagasuporta.

Kapwa rin giniba ng dalawang ulat ang ipinangangalandakan ng rehimeng Arroyo at ng pinakamatataas na upisyal nito sa militar at seguridad na ang nagaganap na mga ekstrahudisyal na pamamaslang ay bahagi ng purgahan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan.

Pinawalang-saysay ng Alston report ang pinagsasasabi ng AFP na ang mga datos na iniharap ng Karapatan, Bayan Muna at iba pang organisasyon ay gawa-gawa at produkto lamang ng propaganda ng mga "prente ng komunista" at ang dahilan umano ng pagdami ng patayan ay ang pagpupurgang ginagawa ng PKP-BHB. Sa kabilang banda, tinukoy ng ulat na gawa-qawa at disimpormasyon lamang ang sinasabing dokumentong "Oplan Bushfire" na ayon sa AFP ay isa umanong internal na dokumento ng PKP na nagpapatunay sa teoryang "purgahan." Dagdag pa, tinukov ng Melo report ang kabalintunaan ng paggiqiit ng militar sa teoryang "purgahan" kasabay ng pagsasabing "kaaway ng estado" ang mga biktima. Lalong nakapagbigay-linaw sa Melo Commission and katotohanand si General Palparan mismo ay hindi naniniwala sa teoryang "purgahan" at duda pa nga sa mga ulat ukol dito. Tinukov din ng Melo report na ni isa sa mga biktima (na sa pahiwatig ng militar ay mga ahente nito) o mga pamilya o testigo nila ay hindi humingi ng proteksyon ng militar.

Kumpara sa Melo Commission, di hamak na mas mataas ang kalidad ng ulat na ginawa ng Alston Mission. Ito ay sa kabila na unang pagdalaw lamang nito sa bansa, maikli lamang ang panahong nakapag-imbestiga ito, kabi-kabilang tangka ng rehimen na limitahan ang kilos nito at pakikipag-ug-

nayan sa mga biktima at samahang pangkarapatang-tao, bukod pa sa pagkontra ng qubyerno at militar sa presensya nito.

Nahigitan nito ang Melo Commission sa lalim ng pagsisiyasat, husay ng pakikitungong tinamo mula sa mga kamag-anak ng mga biktima, mga saksi at mga *human* rights worker, sa tunay na pakikisimpatya sa mga kinapanayam, sa kaalamang natamo at sa ibinungang talas ng mga nabuong kongklusyon.

Batay sa mga panimulang kongklusyon ng Alston Mission hinggil sa serve ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Pilipinas, inaasahang magiging mas matalas at kritikal ang pinal na ulat nito. Ang serye ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Pilipinas ay ikinahindik at ikinabahala nang husto ng Alston Mission, kaya, bukod sa UNCHR, balak din nitong isumite ang pinal na ulat sa International People's Court na nakabase sa The Hague, The Netherlands.

Sa kabilang banda, sa simula pa lamang ay kinaharap na ng Melo Commission and mga balakid na dulot ng pagiging likha na Malakanyang na ang layunin ay pagtakpan ang pananagutan ng rehimeng Arroyo sa mga pagpatay. Hindi ito independyente, kapos ito sa pondo at rekurso at wala itong kapangyarihang i-subpoena ang mga akusado, protektahan ang mga testigo at magpataw ng sentensya.

GABRIELA

**WOMENS PARTY** 

yunma'y hindi nito maitatwa ang

Higit sa lahat, hindi nito nakuha ang tiwala ng mga kaanak ng mga biktima at organisasyon sa karapatang-tao at sa kalakha'y mga testimonya ng militar ang pinagbatayan nito. Gamalinaw na katotohanang ang militar ang may kagagawan ng mga pagpatay. Huling-huli ang militar sa kanila mismong mga testimonya, dokumento, pahayag at pangangatwiran.

Ipinagpalagay ng Melo Commission "ang isang antas ng kativakan sa pagsasabing pinakamalamang na kagagawan ng ilang elemento ng militar, kabilang si Gen. Jovito Palparan, and pagpatay sa mga aktibista." Idinagdag pa ng Melo Commission na ilan sa mga nakatataas kay Palparan ay "maaaring papanagutin sa kabiguan nilang pigilin, parusahan at kundenahin ang mga pagpatay alinsunod sa prinsipyo ng command responsibility." Gayunman, nagkasya na ang ulat sa pagbubunton ng sisi sa mga indibidwal na sundalo at upisyal. Sinabi nitong "ang mga pagpatay ay tiyak na hindi maisisisi sa organisasyong militar mismo o sa estado, kundi sa mga indibibwal o grupo lamang na kumikilos alinsunod sa kanilang sariling interes." Sinabi pa nitong "malamang na kulang na kulang para humantong sa pagsesentensya ang mga ebidensyang iniharap sa komisyon."

Si Arroyo mismo ay hindi idinawit ng dalawang ulat sa magkaibang kadahilanan—umiiwas ang Alston Mission na makalikha ng diplomatikong problema, samantalang ang Melo Commission naman ay todo-puri na kay Arroyo sa simula pa lamang at nagsikap na isanggalang ang maylikha rito. Gayunpaman, kapwa tinukoy ng

dalawang ulat na ang mga pataka-

I L

L Ι

DISQUALIFICATIONS

rang antagonistiko sa mga militanteng oposisyon at aktibista—partikular ang patakaran ng paninira sa mga progresibong organisasyon na nagbabansag sa kanila bilang mga "kaaway ng estado" at nagtataboy sa kanila palabas ng ligal na larangan ng pakikibaka-ang siyang pinakabalangkas ng mga pagpatay.

Sa katunayan, si Arroyo ang utak at pangkalahatang tagakumpas ng mga pasistang atakeng ito. Siya ang pinakamataas na indibidwal na responsable sa mga brutal anti-mamamayang Internal Security Operation Plan Bantay Laya na nasa ikalawang yugto na ngayon. Ang Oplan Bantay Laya ay pangunahin at partikular na tumatarget sa mga pinaghihinalaang masang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan at ng lantad na ligal na demokratikong kilusan na ipinipilit nilang bahagi ng "imprastrakturang pampulitika" ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Si Arroyo mismo ay aktibong sangkot sa mga anti-komunistang panunuqis sa liqal na Kaliwa sa pamamagitan ng pagbabansag sa Bayan, Karapatan at mga katulad na demokratikong organisasyon nito bilang mga "organisasyong prente ng komunista" at "kaaway ng estado." Kung gayo'y tinatatakan na sila bilang mga target ng pisikal at pampulitikang pamumuksa. Pinabubwelo niya ang kanyang kleriko-pasistang national security adviser na si Norberto Gonzales at iba pang matataas na upisyal sa militar at sequridad sa pagsasagawa ng antikomunistang panunugis. Paulit-ulit at garapalan niyang pinupuri si Palparan at ang kanyang walang pakundangan at malulupit na atake laban sa mga rebolusyonaryong ba-

> seng masa bilang modelo sa ∥"kontra-insureksvon″ na dapat pamarisan ng buong AFP.

Sa kabila ng paglabas ng dalawang ulat na nakasisira 👣 sa rehimen, pilit pa ring inaabswelto ni Arroyo ang kanyang armadong pwersa at ipinapasa ang sisi sa rebolusyonaryong kilusan. Pusakal at wala pa ring pakundangan ang rehimeng Arroyo at ang AFP sa hibang nilang kampanya laban sa hayaq at liqal na mga progresibong organisasyon. Nagpapagalaw pa rin sila ng mga death squad upang likidahin ang mga itinuturing nilang kaaway at ang gayong pisikal na karahasan ay sinusuhayan nila ng "ligal na opensiba" upang hadlangan o paliitin ang epektibong partisipasyon ng mga "organisasyong prente ng komunista" at "kaaway ng estado" sa larangang ligal.

Tuwirang pananagutin ng PKP si Gloria Arroyo sa kampanya ng ekstrahudisyal na pamamaslang laban sa mga progresibong organisasyon at partido. Kanya ang pananaqutan hindi lamang bilang commander in chief ng AFP, kundi bilang kataas-taasang awtoridad sa likod ng Oplan Bantay Laya at bilang punong ehekutibo at superyor ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) na siyang nagpaplano, nagdidirihe at nagkokoordina ng dalawahang kampanya ng pisikal na eliminasyon (o ekstrahudisyal na pamamaslang) at pampulitikang eliminasyon (o "opensibang ligal") laban sa patriyotiko at demokratikong kilusan.

Sa pinakahuli niyang masugid na maniobra laban sa Kaliwa, inatasan ni Arroyo ang kanyang legal adviser na makipagsabwatan sa AFP at sa COMELEC upang gawan ng paraan ang posibleng diskwalipikasyon ng Bayan Muna at iba pang progresibong partido nang sa gayo'y mapilay ang paglahok ng mga organisasyong ito sa larangang liqal at parlamentaryo.

At sa desperadong pagsisikap na siraan ang ulat nina Alston at Melo, inatasan ni Arroyo ang pinakamatataas na upisyal sa Gabinete, seguridad at militar na pulaan ang

## Sagot ng mga biktima sa batikos ng Melo Commission

Huwag ninyong sisihin ang mga biktima!" Ganito ang sagot ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) sa pagkastigo ng Melo Commission sa mga biktima ng pamamaslang, sa kanilang mga pamilya at kaibigan dahil sa pagtanggi nilang lumahok sa ginawa nitong imbestigasyon. Ayon kay Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bayan, hindi ang kawalan ng partisipasyon ng mga indibidwal at organisasyong ito sa imbestigasyon ang dahilan kung bakit mahina at di katanggap-tanggap ang nailabas na ulat ng komisyon.

Ang tunay na dahilan, aniya, ay ang makitid at kwestyunableng balangkas na ginamit ng komisyon sa pagtukoy sa mga ugat ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Sadya nitong binalewala ang mga umiiral at ipinatutupad na mga pasistang programa ng rehimen, laluna ang Oplan Bantay Laya na tumatarget sa mga pinaghihinalaang baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan.

Ayon naman kay Prof. Philip Alston, *special rapporteur* ng United Nations, nauunawaan niya ang pagtanggi ng mga pamilya ng biktima at kanilang mga tagasuporta na humarap sa komisyon. Wala aniya itong ginawang dagdag na pagsisikap upang makuha ang kanilang mga testimonya. Ininsulto pa nito ang mga pamilya sa pagpupumilit na pumailalim sila sa "proteksyon" ng mga armadong tauhan ng rehimen na mismong pinaghihinalaang nasa likod ng pamamaslang.

Samantala, sa layuning palabasing seryoso ito sa pagresolba sa mga kaso ng pamamaslang, inianunsyo ng rehimeng Arroyo nitong Marso 5 ang pagbubuo ng 99 na espesyal na korte na didinig umano sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay. Hinamon ng Bayan ang rehimeng Arroyo na sampahan ng kaso si Gen. Jovito Palparan, na tinukoy ng Melo Commission na isa isa sa mga nasa likod ng pamamaslang.

mga grupong nag-imbestiga. Bu-kod-tangi ang bagsik ni Justice Sec. Raul Gonzalez na nagsabing "dati nang buo ang pananaw" ni Alston nang dumating siya sa bansa at siya raw ay "na-brainwash na ng Kaliwa." Sinabi ni AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes Esperon na "Kung mayroon mang nagmama-ang-maangan, si Alston iyon." Pinaratangan naman ni Palparan ang Melo Commission na ito raw ay "napasok ng kaaway."

Sa kabila ng paggigiit ni Gloria Arroyo na wala siyang kinalaman sa ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista at ng mga pagsisikap niyang pagtakpan ang ebidensya, malinaw ang hatol. Ang kanyang mga kamay ay tigmak ng dugo ng walang kasindaming biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa. Umaalingawngaw ang sigaw para sa hustisya. Iginigiit ng sambayanang Pilipino na nararapat panagutin si Arroyo at ang kanyang mga alagad sa kanilang papel sa mga pagpatay, sa walang kahihiyang pagsisikap na pagtakpan ang karumaldumal na mga krimeng ito at sa nagpapatuloy na mga masaker, pagdukot at brutal na pagsupil sa pakikibaka ng bayan para sa pambansa at panlipunang kalayaan. AB

## Ipagbunyi ang mga tagumpay ng kilusan ng kababaihang Pilipino!

I pinagdiriwang ng kababaihang Pilipino ngayong taon ang mga makabuluhang tagumpay sa pagsusulong ng kanilang kagalingan at interes. Inaasahang libu-libong kababaihan ang dadagsa sa lansangan sa iba't ibang panig ng bansa di lamang upang patampukin ang mga tagumpay na ito kundi para pagtibayin ang kanilang determinasyong patuloy na makibaka sa harap ng walang awat na kampanya ng panunupil ng rehimeng US-Arroyo.

Ayon sa tagapagsalita ng Makibaka (Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan) na si Ka Aleta Alvino, marapat lamang na ipagdiwang ang mga tagumpay ng kilusang kababaihan laban sa maka-imperyalista, mapagsamantala, mapanupil at anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng US-Arroyo. Biniqyang-pansin ni Ka Aleta ang maramihang paglahok ng kababaihan sa paglaban sa mga maniobra ng rehimeng Arroyo katulad ng pagtutulak ng Cha-cha (Charter Change), pagbasura sa kasong impeachment laban kay Arroyo at iba pa.

Ipinamalas din ng kilusang kababaihan ang katatagan at determinasyon sa harap ng walang kaparis na paghihirap at pagdurusang hatid sa kanila at kanilang mga pamilya ng todo-todong gera, pasistang pamamaslang at terorismo ng rehimeng US-Arroyo.

Kaalinsabay, binatikos ni Ka Aleta ang walang habas na pasistang pandarahas ng rehimeng Arroyo sa kababaihan. Mula 2001, umabot na sa 83 ang pinaslang na kababaihan, na karamiha'y mula sa mga organisasyon. Dalawampu ang pinaslang noong nakaraang taon lamang. Limampu't apat sa mga pinaslang ay mga bata. Samantala, 33 sa 150 desaparecido o mga dinukot at nawawala pa ay mga babae. Dagdag pa sa mga ito ang daan-daang ina na nawalan ng mga anak, mga asawang nabalo, at mga nawalan ng ama at kapatid.

Kabilang ang mga kababaihan sa mga nangunguna sa organisasyon ng mga pamilya ng mga biktima na determinadong singilin ang rehimeng US-Arroyo sa mga krimen nito. Ipinamamalas nila ang tapang sa pagtatanggol ng karapatang-tao, sa paglalantad ng mga krimen ng rehimen at pagsigaw para sa katarungan.

Walang pinipili ang rehimeng Arroyo sa panunupil nito sa kababaihan at mamamayang Pilipino, ani Ka Aleta. Biniqyang-pansin niya na maging ang nailuklok na kinatawan ng kababaihan sa Kongreso ay dumanas ng matinding panggigipit. Noong Pebrero 2006, sinampahan ng gawa-gawang kasong rebelyon si Gabriela Rep. Liza Maza, kasama ang lima pang kinatawan ng mga progresibong partido. Kabilang si Maza sa napilitang manirahan sa Batasan Complex nang mahigit dalawang buwan sa harap ng bantang aarestuhin sila. Sa kabila nito, hindi napaatras ang mga kinatawan ng mamamayan. Sinaluduhan ni Ka Aleta ang ginawang pagbalewala ni Maza sa dikta ng Malakanyang na manatili lamang sa Batasan Complex nang bumyahe siya patungong Senado upang saksihan ang pagpirma sa isa sa mga ipinaglaban niyang panukala roon. Hindi rin naqtagal, napilitan ang estado na palayain ang lima sa kanila.

Itinuturing din ni Ka Aleta na



malaking tagumpay ng kababaihang Pilipino ang paghatol ng lokal na korte sa sundalong Amerikano na nanggahasa sa Pilipinang si "Nicole." Sinamahan ng mga organisasyong kababaihan si Nicole sa kanyang pakikipaglaban para sa katarungan, ipinagtanggol siya sa pangungutya sa kanyang pagkatao at sa mga maniobra ng rehimeng Arroyo upang siraan kundi man suhulan siya at ang kanyang pamilya. Sa tulong ng mga sumuporta sa kanya, ipinamalas ni Nicole ang puspusang katatagan. Nagtamo si Nicole ng tagumpay na ipinagbunyi hindi lamang ng mga kababaihan kundi ng buong sambayanan. Determinado si Nicole, ang kanyang pamilya, mga abugado at tagasuporta na ipagpatuloy ang laban matapos magmaniobra ang US at ang rehimen na balewalain ang hatol ng korte.

Ang panimulang tagumpay ni Nicole ay bungad lamang ng mas malaki pang hamon—para sa lahat ng kababaihan at mamamayan—

Sundan sa "Ipagbunyi...," pahina 9



# Kadre ng Partido, sinalbeyds sa Leyte

ampok sa pinakahuling mga kaso ng karumal-dumal na pagpaslang na nakalap ng *AB* ang pagsalbeyds ng militar sa isang nadakip na kadre ng Partido sa Leyte. Isa ring lider ng Anakpawis sa Davao del Sur ang pinaslang bilang bahagi ng papatinding panggigipit sa mga progresibong partido habang papalapit ang eleksyon.

Marso 2. Pinaslang ng dalawang nakamotorsiklong berdugo sa Digos, Davao del Sur si Renato Torrecampo Pacaide, 53, coordinator ng Anakpawis sa prubinsya at pangkalahatang kalihim ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Davao del Sur. Siya ang ika-79 na biktima ng pamamaslang sa Southern Mindanao mula noong 2001.

Pebrero 25. Pinatay ng mga elemento ng 19th IB na nakabase sa Kananga, Leyte si Antonio Ramos, kalihim ng larangang gerilya sa Northern Leyte matapos siya arestuhin sa isang tsekpoynt sa Barangay Olutan, Jaro, Leyte. Lulan ng isang trak ng militar papuntang Kananga si Ramos nang siya'y pagbabarilin ng mga umarestong sundalo. Ayon sa gawa-gawang kwento ng AFP, nagtangka umanong tumakas si Ramos kaya siya binaril.

**Pebrero 20.** Sa Barangay Bunal, Salay, Misamis Oriental, pinagtang-kaang patayin ng dalawang berdugo si Menoncio "Bebe" Panhay, 62, myembro ng Misamis Oriental Farmers Association (MOFA), kaanib na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Nagpang qap na bibili manok ang mga pasistang kriminal bago nila barilin si Panhay. Nasugatan siya sa paa at nakatakbo sa kanilang bahay. Hinabol siya ng mga berdugo ngunit nilabanan sila ng asawa ni Panhay na may dala-dalang itak. Tumakas ang mga kriminal sa direksyon ng kampo ng militar. Nagtatago ngayon si Panhay dahil sa patuloy na banta sa kanyang buhay.

Pebrero 19. Pinatay ng mga pasistang berdugo si Hernani Pastolero, 64, brodkaster ng DXCM (University of Mindanao Broadcasting Network) at kasalukuyang patnugot ng dyaryong *Lightning Courier*. Si Pastolero, na pinaslang sa kanyang bahay sa Sultan Kudarat, Shariff Kabunsuan bandang alas-6:30 ng umaga ay lider ng isang samahan ng mga residente na lumalaban para mapasakanila ang lupang tinitirhan. Dalawang bala ng kal .45 ang tumama sa likod ng ulo ni Pas-

tolero at kanyang agarang ikinamatay.

Pebrero 4. Sinundan ng mga elemento ng Internal Security Unit (ISU) si Ricky Palencia, tagapangulo ng COURAGE-Eastern Visayas mula nang umalis siya sa Leyte Metropolitan Waterworks Department (LMWD) Motorpool sa Nulatula, Tacloban City hanggang makarating siya sa kanilang punong tangga-

pan. Isa sa mga elementong bumuntot kay Palencia at nadakip ay kinilala ng mga saksi bilang *triggerman* sa pagsalbeyds noong Oktubre 15, 2004 kay

Sammy Bandilla, lider ng unyon ng LMWD. Si Palencia ay nasa *hitlist* ng militar.

Enero 26. Hinaras ng mga elemento ng Philippine Army at bandidong Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade ang mga lider at myembro ng Bayan Muna, Anakpawis, Gabriela Women's Party at Kabataan Party sa iba't ibang lugar sa Negros Occidental. Sa Barangay Orong at Barangay Hilamonan, Kabankalan City, nagsona ang mga elemento ng 61st IB para takutin ang mga residenteng sumusuporta sa mga progresibong partido. Sa Himamaylan City at bayan ng Hinobaan, pinagbawalan ang mga residente na sumapi at bumoto sa naturang mga partido. Pinagbantaan din ng isang Sergeant Abay ng 61st IB si Archilles Yonson, organisador ng militanteng National Federation of Sugar Workers (NFSW). A

#### "Ipagbunyi...," mula pahina 8

na labanan ang Visiting Forces Agreement, ang panghihimasok ng militar ng US sa bansa at ang tagibang na relasyon sa pagitan ng imperyalismong US at Pilipinas.

Ang mga ito ay ilan lamang sa

tampok na mga tagumpay na naabot ng kilusang kababaihan nitong nakaraang taon, ani Ka Aleta. Patunay ang mga ito ng katatagan at militansya ng kababaihan sa pagsusulong ng interes at kapakanan ng sambayanan. Dahil dito, hindi na basta-basta naisasaisantabi ang mga hinaing at paninindigan ng kababaihan sa mga usaping lokal at pambansa. Sinasalamin ng kanilang naabot na lakas ang lumalawak na papel ng kababaihan, laluna ng kababaihang anakpawis, sa pulitika, kultura at ekonomya ng bansa.

## Ilitaw at palayain si Leo Velasco!

rariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang iligal at duwag na pagdukot kay Leo Velasco ng mga pwersang panseguridad ng pasistang rehimeng US-Arroyo. Iginiqiit ng PKP at ng NDFP sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na kagyat na ilitaw at palayain si Velasco, isang kagawad ng Komite Sentral ng PKP at konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan.

Ayon sa mga saksi, dinukot ng tatlong armadong lalaki si Velasco bandang alas-10:30 ng umaga noong Pebrero 19 sa kanto ng Yacapin at Aquinaldo Street sa Caqayan de Oro City, at sapilitang isinakay sa isang L300 van na may plakang LCV-513. Nang magtangkang makialam ang mga taong nasa paligid, piniqilan sila ng mga dumukot at sinabihang "huwag mag-alala" dahil mga tauhan sila ng gubyerno at myembro ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG).

Kahit maraming nakasaksi at nakapag-ulat tungkol sa pangyayari, pilit pa ring itinatanggi ng militar at pulisya ang pagdukot kay Velasco. Ayon pa sa kumander ng 4th ID na nakabase sa syudad, wala silang nalalaman hinggil sa insidente.


Iginigiit ng PKP at ng NDFP sa rehimeng US-Arroyo na dapat respetuhin ang mga karapatan ni Velasco sa ilalim ng mga internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma, gayundin sa ilalim ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JA-SIG) noong 1995 at ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) noong 1998.

Ang CARHRIHL at JASIG ay mga

kasunduan sa pagitan ng NDFP at ng GRP na nananatiling may bisa sa kabila ng suspensyon ng pormal na usapang pangkapayapaan. Alinsunod sa JASIG, bilang konsultant ng NDFP ay hindi dapat arestuhin si Velasco. Obligasyon ng rehimeng Arroyo na kagyat siyang ilitaw at palayain.

Tinanggap ng United Nations Working Group on Enforced or Involuntary Disappearances (UN WGEID) ang ipinadala ng NDFP na kopya ng sulat ni NDFP Chief Peace Negotiator Luis Jalandoni kay Gloria Arroyo na mariing tumututol sa pagdukot kay Velasco at tumutukoy kay Gloria Arroyo bilang pinakaresponsableng upisyal sa pagdukot dahil sa kanyang pagiging commander-in-chief ng kabuuang armadong pwersa ng gubyerno. Bilang tugon, nagpadala ang UN WGEID ng balangkas na dapat punuan ng NDFP para masimulan na ang pagiimbestiga nila sa kaso ni Velasco, qayundin sa nakaraang mga kaso ng pagdukot sa iba pang mga konsultant ng NDFP at mga istap at kamag-anak nila.

Ayon sa PKP, nangangamba ang mga kamag-anak at kaibigan ni Velasco na matulad siya sa iba pang kadre at myembro ng PKP at NDFP at kahit ng mga lider at myembro ng ligal na demokratikong kilusan



Noong nakaraang taon, sampung konsultant at myembro ng NDFP ang dinukot at hanggang ngayon ay hindi pa rin inililitaw ng AFP. Kabilang dito ang mag-asawang Prudencio Calubid at Cecil Palma, isa pa nilang kamag-anak at ang dalawang istap ng NDFP na noo'y kasama nila; sina Rogelio Calubad at anak niyang si Gabriel; ang istap ng NDFP na si Leopoldo Ancheta; at dating myembro ng BHB na si Philip Limjoco. May mga natanggap na ulat ang NDFP na lahat sila'y tinortyur at malao'y pinaslang.

Nanawagan din ang PKP sa United Nations Committee on Human Rights, International Committee of the Red Cross, International Committee of the Red Crescent, mga organisasyon sa karapatang-tao sa Pilipinas, mga institusyon ng simbahan at iba pang mga pwersang nagtataguyod ng karapatang-tao, kalayaang sibil at prosesong pangkapayapaan na igiit sa rehimeng US-Arroyo na kaqyat na ilitaw at palayain si Velasco at iba pang konsultant ng NDFP at mga tauhan at kamaq-anak nila na pawang dinukot ng militar.



## Ka Bel, mahigit isang taon nang nakakulong

MAHIGIT isang taon nang nakakulong si Anakpawis Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran dahil sa gawa-gawang kaso ng pagkakasangkot sa "planong destabilisasyon" laban sa rehimeng Arroyo. Patuloy na tumatanggi ang rehimeng Arroyo na makinig sa malawak na lokal at internasyunal na panawagan na palayain na si Ka Bel. Marami na ring suportang natanggap si Ka Bel mula sa

mga mambabatas sa iba't ibang dako ng mundo. Nananatili siyang nakabimbin sa Philippine Heart Center kung saan siya inilipat dahil sa kanyang altapresyon.

Dinakip si Ka Bel sa bisa ng isang mandamyentong inilabas noong 1985 kaugnay ng kasong rebelyon. Bagamat palyado ang naging proseso at malinaw na gawa-gawa ang mga kasong isinampa sa kanya at mahigit 40 pang indibidwal, patuloy na tumatanggi ang korte na iutos ang kanyang paglaya.

Ang kalagayan ni Ka Bel ay inilahad ng kanyang asawa kay Prof. Philip Alston, UN Special Rapporteur. Mula sa kanyang detensyon sa Heart Center, nagbiro si Ka Bel na mas sigurado pa siyang mananalo muli ang Anakpawis kaysa mapalaya siya.

## Mga mangingisda sa Bohol, pinag-initan ng mga pulis

APAT na insidente ng pamamaril ng mga pulis at mga sea warden laban sa mga maralitang mangingisda ang naganap mula Setyembre hanggang Disyembre 2006 sa mga bayan ng Carlos P. Garcia, Bien Unido at Talibon sa Bohol, ayon sa Pamalakaya.

Noong Disyembre 20, pinaulanan ng bala ng nagpapatrulyang mga pulis sina Jasper Cuizon, 15, Emiliano Cabag, Lester Cabag, 9, at Armin Lopez, 16. Natamaan si Cuizon sa hita at hanggang ngayon ay nakaratay pa siya. Bago ito, pinagbabaril ng mga sea warden ang mga mangingisdang sina Carlito Juntilla at apat pang iba noong Disyembre 5 malapit sa Danajon Coral Reef Marine Park, Carlos P. Garcia. Sina SPO1 Cortes at SPO1 Aceron, mga elemento ng RMG Region 7, ang namaril.

Noon namang Nobyembre 16 ay pinagbabaril din sina Richie Abenido, 20, Edward Abenido, 12, at Bolic Quisto sa naturan ding lugar. Bago ito, binaril noong Setyembre 16 si Andy Dalanon, 28, at dalawang iba pa habang nangingisda malapit sa *fish sanctuary* ng Carlos P. Garcia. Si SP01 Leo Aumentado ang tinukoy nilang salarin.

Ang mga biktima ay pinagbabaril dahil umano sa iligal na pangingisda sa mga reserbadong erya. Mga sibilyang Moro, biktima ng karahasan ng AFP

SINA Abdulhakim Abbilul, 14, estudyante ng Kasambuhan Village Elementary School sa Kasambuhan, Indanan, Sulu at Sarrid Jumdail, 24, ang pinakahuling mga biktima ng walang awang pamamaril ng mga sundalo ng AFP sa mga sibilyang Moro noong Pebrero 19. Namatay si Abbilul habang malubhang nasugatan si Jumdail. Pauwi na ang dalawang sibilyan sa Barangay Marang, Indanan nang pagbabarilin sila ng mga nag-ooperasyong Scout Rangers na kanilang

nasalubong sa Barangay Kasambuhan. Tinangkang pagtakpan ng militar ang pangyayari sa pamamagitan ng pag-anunsyo na mga elemento ng Abu Sayyaf ang kanilang nabaril ngunit ito'y pinabulaanan ng mga kamag-anak ng biktima.

Samantala, libu-libong mga sibilyan ang napilitang magbakwit mula sa pitong barangay ng Midsayap, North Cotabato at sa Barangay Northern Kabuntalan sa kalapit-prubinsya ng Shariff Kabunsuan nitong Marso 5 at 6 matapos paputukan ng AFP ng mga howitzer at mortar ang kanilang mga komunidad sa pagtugis nito sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Sumiklab ang labanan sa pagitan ng mga tropa ng AFP at mga myembro ng MILF bunga ng paglusob ng militar sa mga pusisyon ng MILF sa mga barangay ng Lumupog at Kadigasan sa Midsayap. Ani Eid Kabalu, tagapagsalita ng MILF, pumasok sa lugar ang mga tropa ng 6th IB noong Marso 3 para gwardyahan ang mga sundalo ng US na naglunsad umano ng medical mission dito. Subalit matapos ang aktibidad ay hindi na umalis ang mga sundalo at sinalakay na nila ang mga binabasehan ng MILF.

## Kumander ng RPA-ABB sa Iloilo, pinarusahan

ISANG kumander ng bandidong Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB) ang pinarusahan ng isang tim ng BHB sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command sa Southern Panay noong Pebrero 15.

Kinilala ang lider ng RPA-ABB na si Jose Cabunagan alias "Arce" ng Barangay Bacagay, Tigbauan, Iloilo. Si Cabunagan ay kilalang *provincial commander* ng RPA-ABB sa Iloilo at sangkot sa ilang mga krimen sa taumbayan.

Ginagamit ng AFP at PNP ang RPA-ABB bilang mga death squad na pangunahing nagsasagawa ng mga pampulitikang pamamaslang. Ang kanilang mga operasyon ay bahagi ng Oplan Bantay Laya I at II na iwinawasiwas ng rehimeng US-Macapagal Arroyo.

Partikular na krimen ni Cabunagan ang pagpatay kay Antonio Camiring, isang upisyal ng barangay, sa Sityo Baclayan, Barangay Hamog. Sangkot din si Cabunagan sa pagpatay sa ilang mga kasapi ng progresibong organisasyon at mga magsasaka ng nasabing isla.

## 2 pulis tinambangan ng BHB sa Bikol

DALAWANG upisyal ng Philippine National Police (PNP) ang pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa magkahiwalay na operasyon sa Masbate at Sorsogon nitong unang linggo ng Marso.

Sa Sorsogon, pinarusahan sa Barangay Zone 1, Bulan si Cipriano Lachica bandang alas-5:30 ng hapon noong Marso 2. Si Lachica ang dating hepe ng pulisya sa bayan ng Magallanes at *deputy police chief* ng Bulan bago siya magretiro noong 2006.

Sa Masbate, pinarusahan sa Barangay Lampuyang, Pio V. Corpuz si Sr. Supt. Alberto Montecalvo, hepe ng PNP sa naturang bayan bandang alas-5 ng hapon noong Marso 1.

Nasamsam kay Montecalvo ang isang pistola at iba pang kagamitan.

Pinarusahan si Montecalvo dahil sa pagkakasangkot niya sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang samantalang si Lachica ay naging ahenteng paniktik ng militar matapos siyang magretiro.

## 2 sundalo patay sa ambus ng BHB sa Davao

DALAWANG sundalo ng 73rd IB ang napatay matapos makipagsagupaan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong umaga ng Pebrero 28 sa Barangay Tagurano, Toril, Davao City.

Tinambangan ng isang mga Pulang mandirigma mula sa Front 15 ang isang yunit ng 73rd Infantry Battalion ng Philippine Army sa Barangay Eden, Toril. Napatay ang dalawang sundalo sa unang bahagi pa lamang ng sagupaan. Tumagal nang halos isang oras ang labanan.

Bago nito, isang sundalo ang napatay at apat pang tropa ng 67th IB ang nasugatan matapos nakasagupa nila ang mga Pulang mandirigma sa Sityo Bandira, Barangay Caningag, Caraga, Davao Oriental noong Pebrero 27.

## Interbensyong militar ng US, lumalawak

GINAWANG kublihan ng iba't ibang paraan ng interbensyong militar ng US ang RP-US 2007 Balikatan *military exercises* na ginanap sa Sulu mula Pebrero 19 hanggang Marso 4. Nilahukan ito ng 400 US Marines at 1,500 tropa ng Philippine Army.

Isang pinagsanib na tim mula sa militar ng US na kabilang sa Fusion Piston na nagkataon umanong lumahok din sa Balikatan ang nakipagpulong sa mga upisyal ng PNP sa Region 12 noong Marso 1 upang talakayin ang pagtutulungan umano nila sa pagsawata sa pagpupuslit ng iligal na droga sa karagatan ng Mindanao. Ginagamit ng US ngayon ang kontrakampanya sa droga bilang sangkalan upang magpalipad ng mga unmanned surveillance vehicles at gumamit ng iba pang kagamitang paniktik sa erya. Sa ganitong paraan, mailulusot nila ang kanilang operasyong surbeylans sa mga pwersa ng BHB sa Mindanao at iba pang bahagi ng bansa.

Ikinubli rin ng Balikatan ang teroristang kampanya ng US sa Sulu sa pamamagitan ng diumano'y makataong mga proyekto gaya ng pagtatayo ng mga silid-aralan, klinika at kalsada at pagbibigay ng mga serbisyong medikal sa 14 na komunidad ng Moro sa Mindanao. Pinalakas naman nito ang aspetong militar sa pamamagitan ng pagpapahigpit ng koordinasyon sa pagitan ng AFP at US sa pagharap sa mga internal na usapin. Sinabi rin ni Maj. Gen. Stephen Douglas Tom, co-director ng exercise na hindi mag-aatubili ang mga tropang Amerikano na lumaban para umano depensahan ang sarili sakaling salakayin sila ng mga lokal at dayuhang terorista.



## NSCB, naglabas ng bulaang estadistika

NAGLABAS nitong Marso ang National Statistical Coordination Board (NSCB) ng gubyerno ng mga huwad na estadistika hinggil sa minimum na halagang kinakailangan ng pamilya para mabuhay nang disente. Ito'y para bigyang-katwiran ang napipintong pagbabasura sa panukalang batas hinggil sa ₱125 dagdag sa minimum na arawang sahod.

Ayon sa bulaang estadistika ng NSCB, umaabot na ngayon sa P8,061 bawat buwan o P266 bawat araw ang kinakailangan ng isang lima-kataong pamilya sa Metro Manila para mabuhay nang disente. Taliwas ito sa estadistika rin ng gubyerno na nagsasaad na P445.53 na ang kinakailangan ng isang anim-kataong pamilya noong 2001 para mabuhay nang disente sa Metro Manila. Umabot ito sa P695 noong 2006 at umaabot na sa P750 ngayong 2007. Sa kabilang banda, umaabot lamang sa P350 ang minimum na arawang sahod sa Metro Manila ngayon.

Matatandaang inaprubahan na sa Kongreso at Senado ang panukalang batas hinggil sa ₱125 umento sa arawang sahod matapos ang anim na taong pagsisikap ng kilusang paggawa na isulong ito. Subalit iniatras ito ng Kongreso nitong Enero 22 sa mababaw na dahilang dapat gawing Enero 2007 imbes na Oktubre 2006 ang epektibidad nito. Ang pag-aatras sa panukalang batas ay alinsunod sa kagustuhan ng Malakanyang at ng mga monopolyo kapitalista at malalaking burgis kumprador na mahigpit na tumututol sa anumang signnipikanteng umento sa sahod.

## Mga estudyante, nagrali laban sa AFP

NAGRALI ang iba't ibang lider-estudyante sa harap ng Philippine Normal University (PNU) sa Maynila nitong Marso 5 para tutulan ang paglulunsad ng AFP ng porum sa PNU na pilit nag-uugnay sa mga militanteng organisasyon ng kabataan sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Tinukoy ng AFP sa porum ang Anakbayan, National Union of Students of the Philippines, League of Filipino Students, College Editors Guild of the Philippines at Student Christian Movement of the Philippines bilang mga prenteng organisasyon umano ng kilusang komunista.

Iniharap ng mga sundalo sa porum ang isang nagpakilalang "Ka Lina" na dati umanong gerilya ng BHB at myembro ng Anakbayan. Subalit tumayo mula sa mga tagapanood si Eleanor de Guzman, tagapangulo ng Anakbayan para sabihing hindi niya kilala ang sinasabing "Ka Lina." Sa puntong ito ay nabulabog na ang porum ng AFP at hindi na ito nakapagpatuloy.

Bago ito ay nakunan naman ng bidyo ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) ang porum na ginawa rin ng AFP doon. Nabulabog din ang palabas ng AFP nang pabulaanan ng mga lider estudyanteng nakikinig ang mga paratang ng militar.

## Senador Madrigal umapela sa UN kaugnay sa Anti-Terrorism Act

PORMAL na hiniling ni Sen. Ana Consuelo "Jamby" Madrigal ang interbensyon ng United Nations kaugnay sa pagsasabatas ng anti-mamamayan at pasistang Anti-Terrorism Law. Ang batas na ito ay pinirmahan ni Gloria Arroyo noong Marso 6.

Ayon sa senador, gagamitin lamang ng rehimeng US-Arroyo ang Anti-Terrorism Law na ngayo'y pinangalanan nang Human Security Act laban sa mamamayan. Gamit ang batas na ito, maaaring umiral ang sitwasyong animo'y nakapailalim sa batas militar ang bansa. Kabilang sa pinakamasasahol na probisyon ng naturang panukala ang wiretapping, warrantless arrest, pagkontrol sa bank account at iba pa laban sa mga pinaghihinalaan.

Ipinaabot din ni Senator Madrigal ang kanyang pagtutol sa naturang batas kay UN Special Rapporteur Philip Alston noong nasa bansa ito. Magpapadala din ng apela si Madrigal sa United Nations High Commissioner on Human Rights sa Geneva at sa Special Rapporteur nito para sa proteksyon at promosyon ng karapatang-tao.

Matatandaang isa si Madrigal sa mga senador (kasama si Sen. Mar Roxas) na bumoto laban sa Anti-Terrorism Bill sa Senado.

Mula't sapul, tutol na si Senator Madrigal sa Anti-Terrorism Bill. Noong Oktubre 2006, ipinatawag niya ang International Parliamentarians Caucus on Human Rights in the Philippines upang hilingin ang kanilang suporta sa pagharang sa noo'y panukala pa lamang.

Personal din niyang kinausap ang mga obispo ng Catholic Bishops Conference of the Philippines kaugnay nito.



Taon XXXVIII Blg. 5 Marso 7, 2007 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Puspusang labanan ang mga pasistang opensiba ng rehimeng Arroyo

Pilit na itinatago ni Arroyo at ng kanyang mga kriminal na alipures ang kanilang duguang kamay sa harap ng malawakang pagkundena sa loob at labas ng bansa sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang at pagdukot sa mga aktibista at iba pang kumakalaban sa

kanyang rehimen. Samantala, habang itinatanggi ng militar na sila ang nasa likod ng pamamaslang, patuloy naman nilang binibigyang-katwiran ang mga atake sa mga progresibong pwersa sa paulit-ulit na pagsabing sila'y mga "komunista" at "kaaway ng estado."

Higit pa ngayong pinapaspasan ang pasistang panunupil at paglalatag ng pasistang makinarya ng estado.
Nais ni Arroyo na lahatangpanig na gapiin ang mga demokratiko at progresibong pwersa, supilin
ang mga pagtutol at lipulin ang lahat ng humahamon sa kanyang kapangyarihan.

Mula pa nang maluklok sa po-

der ang bogus, bulok at mapaniil na rehimen, inilarga na nito ang "todo-todong gera" laban sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa. Inilunsad nito noong 2001 ang Oplan Bantay Laya (OBL), isang planong "counter-insurgency"

na kinatatampukan ng pagtugis at pagpatay sa mga lider at myembro ng ligal na demokratikong kilusan at mga pinagsususpetsahang sumusuporta sa rebolusyon. Sa harap ng patuloy pa ring paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at pagtutol sa rehimen, lalo nitong pinaba-

ngis ang bagong bersyon ng OBL at pinaigting ang kampanya ng pampulitikang pamamaslang.

Kinastigo ng Alston
Mission ang rehimeng
Arroyo sa pagbabansag
nitong "kaaway ng estado" ang mga ligal na
progresibong pwersa, at iniugnay iyon sa
nagaganap na pamamaslang sa

bila nito, patuloy si Arroyo at kanyang mga upisyal sa gayong pagbabansag.

mga aktibista. Sa ka-

Ang mga armadong
tauhan ng AFP at PNP ay
ipinaiilalim sa pang-ideolohiya at pampulitikang indoktrinasyong isinasagawa ng
mga punong pasista at gurong kleriko-pasista ng Malakanyang at AFP.

Mga tampok sa isyung ito...

AFP ang nasa likod ng pamamaslang— *Melo, Alston* PAHINA 5

Mga tagumpay ng kilusang kababaihan PAHINA 8 Ilitaw at palayain si Leo Velasco

PAHINA 10

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*